Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF ANTIPOLO

MEMORANDUM

Para sa : Kawaksi sa Tanggapan ng Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Kawaksi sa Tanggapan ng Hepe ng Tagapagpatupad ng Kurikulum
Mga Tagamasid Pampurok ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Punongguro, Pang-Ulong Guro, Gurong Namamahala
Mga Dalubguro, Tagapangulo ng Kagawaran
Mga Guro ng Filipino at Araling Panlipunan
Pampubliko at Pribadong Paaralang Sekondarya sa Junior at Senior

Mula kay : **DR. ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa/ Tungkol sa : **Paligsahan sa Spoken Word Poetry**

Petsa : Ika – 11 ng Septyembre 2018

Ang Tanggapan ng Turismo katulong ang Samahan ng mga Tagapamahala ng Turismo ng bawat bayan sa Lalawigan ng Rizal ay magdaraos ng patimpalak na magpapamalas ng galing, husay, at talino ng mga kabataang nasa antas sekondarya sa Junior at Senior High sa pagpapahayag kaisipan para sa isang masining na pamamaraan gamit ang wika na kung tawagin ay***"Spoken Word Poetry"*** na may diwang *" Ang mga Kabataan…Ang kalikasan…at Ang Kinabukasan."* Ito'y kaugnay sa Ikalimang Taong Anibersaryo ng **YES TO GREEN PROGRAM** ng Pamahalaang Panlalawigan ng Rizal.

Ang paligsahan ay gaganapin sa Mall Atrium ng Robinsons Place Antipolo sa ika-19 ng Septyembre 2018 sa ganap na 12:30 ng hapon.

Para sa inyong mas malawak na kabatiran, kalakip nito ang detalyadong impormasyon hinggil sa naturang paligsahan.

Para sa kaalaman ng lahat at malawak na pagpapalaganap ng impormasyon ay lubos na inaasahan.

UM, 432, 2018
@rma-2018

0331

Republic of the Philippines
PROVINCIAL GOVERNMENT OF RIZAL
Antipolo, Rizal

RIZAL TOURISM OFFICE

20 Agosto 2018

HON. CASIMIRO A. YNARES III, M.D.
Punong Bayan
Antipolo City

Attention: **Mr. Marino B. Bacani**
Taga-Pamahala ng Turismo

Mahal na Punong Bayang Ynares:

Mensahe po ng Pag-ibig at Pagpapahalaga!

Kaugnay ng pag diriwang ng ika-limang taong anibersaryo ng YES TO GREEN PROGRAM, ang Tanggapan ng Turismo katulong ang Samahan ng mga Taga-Pamahala ng Turismo sa bawat bayan ng Lalawigan ng Rizal ay mag sasagawa ng Paligsahan sa Spoken Word Poetry na may diwang *"Ang mga Kabataan... Ang Kalikasan... at Ang Kinabukasan."*

Bibigyang pokus nito ang naging bahagi ng YES TO GREEN PROGRAM sa bawat bayan, lungsod at sa buong Lalawigan, kakapit kamay ang mga mamamayan, ang kabataan tungo sa kaunlaran ng kinabukasan.

Dahil dito, nais po namin kayong imbitahan na lumahok sa Panlalawigang Paligsahan sa Spoken Word Poetry na gaganapin sa ika-19 ng Setyembre 2018 (miyerkules) sa Mall Atrium ng Robinsons Antipolo. Kalakip ng sulat na ito ay ang pamantayan para sa Paligsahan.

Nais rin po naming ipabatid na ang isang magiging bahagi po ng paligsahan ay ang pagkakaroon ng tree planting activity na lalahukan ng mga kinatawang kabataan mula sa iba't ibang bayan. Kaugnay dito, nais din po naming hingin ang inyong pahintulot na gawing lugar ang Hinulugang Taktak Protected Landscape sa nasabing gawain.

Ang inyo pong pakikiisa ay lubos po naming papahalagahan.

Sumasainyo,

CORAZON S. LASERNA, Ed.D
Panlalawigang Tagapamahala ng Tanggapan ng Turismo

PAMANTAYAN PARA SA PANLALAWIGANG PALIGSAHAN SA SPOKEN WORD POETRY

Paligsahan sa Pagpapahayag ng nilalaman ng isip sa pamamagitan ng pagtula

1. Ang spoken word poetry ay isang masining na pagtatanghal gamit ang wika o salita na pinahahayag ng may emosyon sa harap ng mga tagapanuod. Ito ay sining sa pagbigkas na binibigyang pokus ang palasantingan (ganda) estetika ng paggamit ng mga salita, indayog, tono at intonasyon.

2. Ang kumpetisyon ay gaganapin sa ika 19 ng Setyembre 2018 sa Mall Atrium ng Robinsons Antipolo.

3. Kailangang magsagawa muna ng Pambayang Paligsahan kakapit kamay ang Kagawaran ng Edukasyon upang maiparating sa mga mag-aaral at mga mamamayan ang kahalagahan ng pagtutulungan upang mapangalagaan ang inang kalikasan. Ang mangunguna sa Pambayang Paligsahan ang magiging kinatawan sa Paligsahang Panlalawigan.

4. Kailangang mag sumite ng ulat na may larawan ng ginawang kumpetisyo ng pambayan para maisama sa gagawing video presentation ng Lalawigan.

5. Ang kumpetisyon ay bukas sa mga kabataang Rizaleño na may edad 16 hanggang 18 taong gulang na nasa JHS (Junior High School) o SHS (Senior High School).

6. Ang bawat bayan ay kailangang magpadala lamang ng isang kalahok.

7. Ang mga Kalahok, Tagapag-sanay at Taga-Pamahala ng Turismo sa bawat bayan at lungsod ay kailangang makilahok sa mga sumusunod na mga gawain:

   - 9:00am – 11:30am:
     Tree Planting sa Hinulugang Taktak Protected Landscape under DENR and PAMB

   - 11:30am – 12:30pm:
     Tanghalian

   - 12:30pm – 1:00pm:
     Paghahanda para sa Paligsahan

   - 1:00pm – 5:00pm:
     Paligsahan

8. Ang kalahok ay kailangan may sulat o pahintulot ng punong bayan at kailangang maipasa ng Municipal/City Tourism Officer sa Tanggapan ng Turismo ng Lalawigan mula Setyembere 10-14, 2018.

9. Ang spoken poetry ay kailangan orihinal na komposisyon at kailangan nasusulat sa

10. Ang apat na sipi ng mga piyesa ay kailangang ipasa sa Pamunuang namamahala, isang oras bago ganapin ang kompetisyon.

11. Ang piyesa ay kailangang tumatalakay sa temang:
"Ang mga Kabataan... Ang Kalikasan... at Ang Kinabukasan."

12. Ang bawat kalahok ay binibigyan ng 3 hanggang 5 minuto para bigkasin ang piyesang ginawa.

13. Babawasan ng isang puntos bawat sobrang minuto sa ginawang pagbigkas.

14. Ang ginawang piyesa ay kailangang maisalaysay ng memoryado ng kalahok.

15. Ang kasuotan ay kailangang angkop sa piyesa.

16. Pinapayagan gumamit ng musika o awit na makatutulong upang mabigyan ng kulay at buhay ang gagawing pagsasalaysay.

17. Premyong Tatanggapin:

    a. Ang una, pangalawa at pangatlong pwesto ay tatanggap ng katibayan ng pagkilala at tropeyo ng imahe ni Dr. Jose Rizal mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Rizal. Ang tagapagsanay at Pamahalaang Bayan ay tatanggap din ng katibayan ng pagkilala.

    b. Ang lahat ng kalahok at mga tagapagsanay ay tatanggap ng katibayan ng paglahok.

18. Hahatulan ang mga kalahok gamit ang mga sumusunod na Pamantayan

    a. Mensahe / Nilalaman - 30%
    - Ang nilalaman ng piyesa ay umaangkop sa temang *"Ang mga Kabataan... Ang Kalikasan... at Ang Kinabukasan."*
    - Ang pyesang inihanda ay makahulugan at malakas ang dating sa taga-pakinig

    b. Pagbigkas at Pagtatanghal - 30%
    - Naiuugnay sa taga-panood ang mensahe ng piyesa sa simula pa lamang ng pagbigkas
    - Ang emosyon na ipinakikita ng mukha, kumpas ng mga kamay at galaw ng katawan na nagbibigay ng kulay, buhay, at kahulugan sa pagbigkas
    - Pakikipag ugnayan sa taga-panood sa pamamagitan ng mata at sa pagpapadama ng mensahe ng tula
    - Nakuha ang interes ng mga tag-panood mula sa simula hanggang sa huling bahagi ng pagbigkas
    - Malinaw ang pagbigkas, Nauunawaan ng taga-panood ang bawat salitang binibigkas

c. Pagsasaulo - 10%

- Ang piyesa ay epektibong ipinahayag ng walang binabasa
- Malaya at maayos na daloy ng pagtula kahit may nakalimutang linya sa piyesa

d. Pagbabago ng Tunog ng Boses at Dating sa Taga-panood - 15%

- Malinaw ang tunog ng boses, at maayos ang pagbigkas
- Malakas ang boses at malinaw na naririnig at nauunawaan ng mga taga-panood
- Ang boses ay may mensahe ng mataas na pagtitiwala sa sarili at matibay na pananalig sa nilalaman
- Ang boses ay nagpapakita ng tiwala sa sarili at matibay na pananalig sa nilalaman ng piyesa

e. Sipi ng ulat tungkol sa ginawang Kumpetisyong Pambayan na naglalaman ng mga kalahok at paaralan na naging mga taga-panood ng pag-tatanghal at mga larawan na magpapatunay ng paglahok at pakikiisa ng lahat ng sektor ng bayan lalo na ng paaralan - 15%

Kabuuan - 100%